

1

Pumarada sa isang bahagi ng memorial park ang pulang *Ferrari*. Lumabas mula roon ang isang binata na kabilang sa alta-sociedad, ang beinte-nueve años na si Harold Bermudez. Bukod sa taglay niyang halos perpektong pisikal na katangian at pagiging anak-mayaman, isa siya sa most eligible bachelors sa bansa.

Galing siya sa kanyang opisina. Executive Vice President siya sa kumpanyang pag-aari ng ama. Isa ang company nila sa major importers ng mga petroleum products sa bansa.

Nasa memorial park siya ngayon upang dalawin ang mama niya dahil isang buwan na ang nakalipas mula nang pumanaw ito. Naipangako niya sa bangkay ng ina na buwanan niyang gugunitain ang araw ng pagkamatay nito.

Sinadya niyang lumabas sa opisina nang mas maaga para hindi mapasabay sa pagdating ng mga tao sa memorial park. Last week ay nasubukan na niyang dumalaw doon ng after office hour, at na-distract siya dahil para palang fiesta sa dami ng taong namamasyal doon kapag ganoong mga oras.

Nakaramdam siya ng tuwa nang makitang iisa lang ang taong kasama niyang naroon ngayon. Nahihiya kasi siyang makipag-usap sa puntod ng kanyang mama kung maraming tao sa paligid. Baka isipin ng mga taong makakakilala sa kanya, bumigay na ang kanyang isip dahil sa depression. Aware ang lahat na masyadong naging masakit sa kanya ang biglaang pagpanaw ng ina. Naging laman ng mga pahayagan at mga balita ang pangyayaring iyon. Sikat kasi ang pamilya nila sa larangan ng pagnenegosyo at pagkakawanggawa. Lalo pa siyang sumikat nang maging fiancée niya si Sylvia Arnaiz na isang *Miss Universe* titlist. Nakoronahan ito na *Miss Universe* ilang taon pa lang ang nakararaan. Nang mag-propose siya sa dalaga ay naging instant celebrity na rin siya. Nakilala na siya hindi lang dito sa Pilipinas kundi sa buong mundo.

Naging malaking scoop sa media ang pagkamatay ng kanyang mama. Bisperas kasi ng kasal nila ni Sylvia nang bawian ito ng buhay. Abala silang lahat sa paghahanda para sa kasal kaya walang nakapansin na inatake na pala ito sa puso. Nakita na lang ng papa niya na nakahandusay sa banyo ang asawa at wala nang buhay. May international media rin na pumunta pa sa bansa para i-cover ang kasal nila. Tuloy, agad pumutok sa buong mundo ang nakalulungkot na

balita.

Nakita niya sa mukha ng mga kaanak ni Sylvia ang matinding kabiguan nang ipinagpaliban nila ang kasal kahit pa kasado na ang lahat para sa araw na iyon. Maging ang fiancée niya ay nakita niya ring hindi natuwa sa pagkaka-postpone ng kasal nila. Habang nagdadalamhati sila ay nagkulong lang daw ito sa kuwarto. Dalawang araw nang nakaburol ang kanyang mama nang magpakita si Sylvia sa kanila. Matamlay ang hitsura nito bagay na lalong nakapagpabigat sa kanyang nararamdaman. Alam niya kasing hindi niya karamay ang nobya sa kalungkutang pinagdadaan nila.

Hinubad niya ang kanyang necktie dahil pakiwari niya ay nasasakal na siya, hindi sa necktie kundi sa fiancée niyang si Sylvia na kanina lang ay kausap niya sa telepono at naging mainit ang kanilang naging pagtatalo.

Tumawag ito kaninang umaga at sinabi sa kanyang kailangan na nilang ituloy ang kasal pagkatapos ng forty days ng kanyang ina.

Halos putukan siya ng ugat sa batok dahil sa narinig. Paano naisip ng babae na kaya na niyang magsaya pagkatapos ng forty days ng mama niya? Ang alam niya ay nagkaintindihan na sila nito na

pagkatapos na lang ng babang-luksa nila itutuloy ang kasal bilang pagbibigay ng respeto sa pagyao ng kanyang mama. Bakit ganito ngayon ang sinasabi nito? Hindi ba nito maintindihan na kailangan nila ng panahon para maka-recover?

Laking gulat niya nang sabihin ng babae na kung hindi raw niya ito kayang pakasalan sa susunod na buwan, mapipilitan itong i-call off ang kasal.

Na-realize tuloy niya, tama ang madalas sabihin sa kanya ng mama niya noon sa tuwing magkakaroon sila ng tampuhan ni Sylvia. There would always be a price for everything. Gusto niya ng maganda at sikat na girlfriend, then he must deal with the circumstances.

Nasa Batangas ngayon si Sylvia dahil may tinatapos itong pictorial para sa isang international magazine. Binigyan siya nito ng ultimatum. Ang gusto nito ay puntahan niya ito bukas na bukas din. Kapag hindi raw siya nagpunta doon ay tapos na ang lahat sa kanila. Imbis na matakot, nairita siya sa babae.

Dinampot niya ang isang bungkos na yellow roses mula sa passenger seat. Iyon ang paboritong bulaklak ng kanyang mama. Bumaba siya sa sasakyan at ini-lock iyon.

Tinumbok ng tingin niya ang direksyon ng libingan ng kanyang mama. Ang nag-iisang taong kasama niya sa memorial park ay naroon pa rin. Hiling niya lang ay huwag sana itong magtagal doon para hindi siya maasiwa.

Nagsimula na niyang tunguhin ang direksyong iyon. Habang papalapit siya ay napansin niyang malapit lang sa puntod ng mama niya ang kinatatayuan ng taong iyon, na isa palang babae.

Bigla siyang kinabahan. Hindi kaya isa na naman itong reporter na nag-aabang sa kanya para makakuha ng scoop? Nitong nakaraang mga araw, ay nagugulat na bigla na lang may nag-fa-flash na camera sa kanya mula sa mga reporters na gustong maka-scoop. Miss na miss na talaga niya ang kanyang privacy.

Pinagmasdan niyang mabuti ang babaeng iyon habang papalapit siya sa kinatatayuan nito. Nakasuot ng puting fitted blouse at itim na shorts na ang haba ay umabot sa taas ng tuhod nito.

Pansin niyang yumuyugyog ang balikat nito. Sigurado siyang umiiyak ang babae. Nakahinga siya nang maluwag. Kamag-anak lang yata ito na dumadalaw sa puntod ng kaanak at hindi isang reporter.

Kilala niya ang may-ari ng puntod na iniyakan nito. Iyon ay ang sikat na negosyanteng si Botong Tan na nailibing ilang araw pa lamang mula ngayon. Namatay ito dahil sa vehicular accident. Nakipaglibing nga sila ng papa niya noon. Malapit ang pamilya nito sa pamilya nila, sa katunayan, inaanak ng mommy niya ang nag-iisang anak nitong babae na si Kimberly.

Pilit niyang kinikilala ang babae. Tiyak niyang hindi ito ang asawa ni Mr. Tan dahil mataba ang asawa nito, samantalang ang estranghera ay sexy. Parang hinulma ang hugis ng katawan nito.

Tatlo ang anak ni Mr. Tan. Ang panganay nito ay si Rocco na kaga-graduate pa lang sa kursong Engineering. Beinte años pa lamang ito. Ang pangalawang si Wesley na nasa kolehiyo na rin at ang bunso na si Kimberly ay dose pa lamang.

Bigla siyang naintriga kung sino ang mahiwagang crying lady sa puntod ni Mr. Tan. Hindi naman siguro ito isang kaanak ng yumao dahil kung ganoon, bakit itinaon nito ang pagdalaw sa oras na walang katao-tao sa memorial park?

At saka base sa nakikita niyang pagyugyog ng balikat nito, masakit na masakit ang loob nito sa pagkamatay ng yumao. Nasisigurado niyang kung anuman ang relasyon ni Mr. Tan dito ay tiyak

na intimate iyon. Baka kaya anak ito sa labas ng yumaong negosyante?

Nilingon niya ito nang mapatapat siya sa babae. Nais niyang makita ang mukha nito pero nabigo siya. May hawak itong panyo na siyang nakatakip sa mukha nito. Naamoy niya ang gamit nitong pabango at masarap sa pakiramdam ang amoy niyon.

Nagtuloy siya sa pakay na tatlong puntod lang ang pagitan mula sa libingan ni Mr. Tan.

Ibinaba niya ang dalang mga bulaklak sa puntod ng ina. “O, dinalhan kita ng favorite flower mo, Ma. Kumusta ka na?” mahinang bati niya, na para namang kaya siyang sagutin nito ng, ‘Mabuti naman, Anak. Thank you sa flowers, ha’.

Nilingon niya ang babae. Nang makitang tila wala naman itong pakialam sa nangyayari sa paligid, ipinagpatuloy niya ang pakikipag-usap sa kanyang mama. Naasiwa siya dahil alam niyang may taong maaaring makarinig sa kanyang mga sasabihin. Kailangan niya pang ibulong ang pakikipag-usap dito at hindi siya sanay sa ganoon.

“Parang nagustuhan mo na dito, ah. Nakaisang buwan ka na rin pala dito. Wala ka na ba talagang balak umuwi?” mahina pa ring dugtong niya.

Palabirong tao ang kanyang mama kaya tuwing dadalawin niya ito ay sinisikap niyang biruin ito na gaya ng kaswal nilang usapan nito noong nabubuhay pa ito, kahit pa hanggang ngayon ay gusto niyang bumunghalit ng iyak sa puntod nito. He missed her so much.

Kung wala lang ang babaeng ito sa tabi niya ay baka bumuhos na ang kanyang emosyon. Lalo pa ngayon na matindi ang pressure na inilagay ni Sylvia sa kanyang ulo. Plano talaga niyang maglabas ng hinanakit sa puntod ng ina.

Pasimple niyang sinulyapang muli ang babae. Baka kasi sa pagkakataong iyon ay naririnig na nito ang kanyang sinasabi. Baka pinagtatawanan na siya nito.

Nakahinga siya nang maluwag nang makita niyang patuloy pa rin ang babae sa pag-iyak at ni hindi man lang siya tinitingnan.

Ibinalik niya ang tingin sa puntod ng ina at ipinagpatuloy ang pakikipag-usap dito. “Malapit na ang forty days mo, Ma. Magpapaluto ako kay Nana Maring ng paborito mong arroz valenciana at carbonara...” Gumaralgal ang tinig niya pagkaalala ng mga paborito nilang pagkain na noon ay ang mama niya ang nagluluto.

Kung Puwede Lang Sana - Charisse Pamela

Bakit ba kasi nasabay pa siya sa estrangherang ito? Hindi tuloy siya makapag-emote. Namimigat ang kanyang dibdib dahil hindi niya mailabas ang nararamdaman. Hindi siya makaiyak kasi nahihiya siya sa babaeng katabi. Ito nga naman ay impit lang ang pag-iyak, bubunghalit ba siya ng iyak?

Siyempre hindi! Mahirap nang mapagkamalan siya nitong isang binabae. Hihintayin niya na lang na makaalis ito bago siya mag-emote. Tiyak na mauuna itong aalis sa kanya dahil nauna rin itong dumating doon.

2

Harold cleared his throat. Narinig niya kasing humina na ang paghikbi ng babae. Natuwa siya dahil mukhang tapos na nitong ibuhos ang sama ng loob sa puntod ni Mr. Tan.

Tinapunan niya ng sulyap ang babae. Nanlaki ang mga mata niya nang makitang wala na ang panyong nakatakip sa mukha nito. The lady was stunningly attractive, with chestnut-colored hair, slender frame and modelesque figure. Kung hindi siya nagkakamali ay nasa beinte dos hanggang beinte cuarto años na ito.

Bigla siyang napaisip. Ang kanina lang na hinala niyang anak sa labas ni Mr. Tan ay biglang nabago. Mas may edad ito kaysa sa panganay ni Mr. Tan na si Rocco. Hindi kaya...?

Pinakatitigan niya ang babae. Sa ganda nito ay hindi imposibleng mahulog ang damdamin dito ng matandang negosyante. Malakas pa naman ang bulung-bulungan na babaero ang yumaong Chinese businessman. Baka nga kerida ito ni Mr. Tan?

May kabog siyang naramdaman sa puso habang

pinagmamasdan ang mukha ng babae. Bakit ba hindi niya maialis ang paningin dito?

Napansin niyang parang namumutla ang estranghera. Napansin niya ring nanginginig ang katawan nito. May sakit ba ito?

Napaigtad siya nang mapansin niyang gumewang ito na tila matutumba. Napatalon siya nang makitang babagsak na nga ito. Mabuti na lang at naabutan niya ito at nasalo. Kung hindi ay baka nabagok na ang ulo nito at malamang ay napahamak na.

“Miss, are you okay?” Nayakap niya ang babae na tila mawawalan na ng malay.

Hindi niya maintindihan kung bakit napakatindi ng epekto ng pagdidikit na iyon ng mga katawan nila. Uminit ang buong katawan niya at nakaramdam siya ng inner joy ngayong nasa bisig niya ang magandang babaeng ito?

Narinig niya na umingit ito bago tuluyang lumungayngay sa dibdib niya.

Hindi niya alam kung ano ang gagawin para matulungan ito. Luminga siya sa paligid, pero dadalawa lang silang taong naroroon. Kailangan niyang tulungan ang magandang babae.

Kinalong niya ito paupo saka niya tinapik-tapik nang marahan ang pisngi nito. Biglang kumabog ang dibdib niya nang mapagmasdan nang ganoon kalapit ang mukha ng babae. Napatingala siya sa langit.

Matindi ka rin, Mr. Tan. Magkano... I mean, paano mo napaibig ang babaeng ito?

Ibinaba niya ito sa damuhan para malaya niyang matulungan ang babae. Ipinatong niya ang dalawang palad sa dibdib nito para i-pump iyon gaya ng nakikita niya sa pelikulang napapanood niya. Medyo naasiwa siya dahil nang maipatong niya ang kamay sa bahaging iyon ay lalong uminit ang pakiramdam niya. Bakit ba ang lakas ng epekto ng babaeng ito sa damdamin niya?

Muli siyang napatingala.

I'm sorry, Mr. Tan, but I need to do this. Walang personalan ito kaya huwag kang magagalit sa akin.

Sinimulan niyang diinan ang dibdib nito. Napakalambot niyon kaya pinagpawisan siya sa kanyang ginagawa. She was so beautiful and she made him ache with desire. Nanginig bigla ang mga kamay niya.

“Come on, beautiful lady, breathe! You can’t just die like that! I won’t allow you to die in my presence.”

Muli niyang diniinan ang dibdib nito.

Ang ganito kagandang babae ay walang karapatang mamatay nang ganito kaaga. Maaaring wala na si Mr. Tan, pero marami pang ibang lalaking gugustuhin pa rin ito kahit pa sabihing masalimuot ang naging nakaraan nito.

Narito ako!

Nagulat pa siya sa naisip. Pag-interesan pa ba niya ang leftover ni Mr. Tan?

Nang makita niyang tila walang epekto ang pag-pump niya sa dibdib nito ay naisipan niyang maglapat ng mouth to mouth resuscitation. Hindi niya alam ang tamang proseso ng paggawa niyon, pero alam niyang dapat ay bigyan niya ito ng hangin.

Hinawakan niya ang panga nito at pinagtulungan ng dalawang kamay niyang ibuka ang bibig nito.

Ipagpatawad mo, Mr. Tan. Sumalangit nawa ang iyong kaluluwa. Manatili ka kung saan ka naroroon kasi kailangan ko talagang gawin ito. Huwag kang magpaparamdam, iiwanan ko itong chicks mo dito.

Inilapat niya ang bibig sa labi nito at sinimulang bugahan ng hangin ang bibig nito.

Oh, this is great. I never really thought that saving

one's life could be this rewarding.

Muli niyang inilapat ang bibig sa bibig nito at inulit niya nang ilang beses ang unang ginawa.

Pilit niyang isinasaksak sa isip na walang malisya ang kanyang ginagawa, pero para pa ring umaapoy ang pakiramdam niya sa pagkakadampi ng mga labi niya sa babae.

Ilang beses pang hitit-buga ang ginawa niya bago niya naramdamang napasinghap ito.

Nakaramdam siya ng tuwa kasi naramdaman na niyang gumalaw na ito. Ganoon pala ang pakiramdam ng nakapagsalba ka ng buhay sa pamamagitan ng mouth to mouth resuscitation.

Masayang masarap!

Mabilis niyang inangat ang kanyang mga labi sa bibig nito. Isang malakas na sampal ang sumalubong sa kanyang mukha.

“Hey, what did you do that for?” nagtataakang tanong niya.

“Manyak!” sigaw ng babae sabay paligo sa kanya ng mga suntok at tadyak. “Help! Please, somebody help me!” palahaw nito sa nagpa-panic na tinig.

“Hey, calm down! Ako, manyak? That’s bullshit!”
Sinalag niya ang mga suntok nito at hampas.

“Bullshit-in mo ang mukha mo! You were kissing me and you were trying to rape me. Rape! Help!”
muling sigaw nito.

Nataranta siya. Napakabigat na kaso ng rape na ibinibintang nito sa kanya. At wala naman siguro sa hitsura niya ang maging isang rapist, ano? Hindi niya kailangang mang-rape ng babae. Wala bang isip ang babaeng ito? Habambuhay na sentensya pa ang hatol sa kasong ibinibintang nito sa kanya ngayon, matapos niyang tulungan ito.

Tama ba iyon? Ito pa ba ang mapapala ko matapos kong pagmalasakitan ang babaeng ito? Halikan ko kaya uli ito at nang matahimik?

“Huwag kang sumigaw. I was just trying to help you!” Mabilis niyang tinakpan ng kanyang palad ang bibig ng babae.

Nagpumiglas ito pakawala sa hawak niya. “Get your hands off me, you bastard! Help!” mas malakas na namang tili nito at muli siyang pinagsusuntok.

Hinawakan niya ang dalawang braso nito para pigilan ito sa pananakit sa kanya. “Aray ko naman. Aray ko na talaga,” may gigil na daing niya. Idiniin

niya ang braso nito sa ibabaw ng ulo nito para patigilan ito sa paghihisterya. “Please don’t scream. Listen to me.”

Lalo namang nagsisigaw ang babae dahil sa kanyang ginawa. Nahirapan na siyang kontrolin ito. Wala siyang nagawa kundi muling sakupin ang bibig nito para matahimik ito kahit sandali lang.

Nagpumiglas ang babae, pero idinagan niya ang kanyang katawan dito at ipinagpatuloy ang paghalik sa mga labi nito.

Now you can charge me with rape for all I care! nanggagalaiting sabi niya sa isip.

Ilang sandali ring nanlaban ito bago napayapa. Tila nakadama ito ng paghihina dahil sa ilang saglit na panlalaban sa kanya. Mayamaya pa ay naramdaman niyang nawala na ang pagpupumiglas nito kahit sakop pa rin niya ang mga labi nito. Ang totoo ay parang ayaw na niyang lubayan ang bibig ng babae. *Kissing this girl was a different experience. It was making his blood boil.*

He was so surprised when he heard moans from the lady. Hindi niya alam kung dahil iyon sa halik o dahil nahihirapan na ito sa pagkakadagan niya.

He pulled away from her, lifted his head and

looked into her eyes. Sabay pa silang napasinghap dahil pareho na silang kinapos ng hininga matapos ang mahabang halik na iyon.

Nakita niyang namimilog ang mga mata ng babae na nakatingin lang nang derecho sa kanya.

“Scream and I will kiss you again,” matigas na banta niya dito.

Hindi siya nagbibiro, hahalikan niyang muli ito at wala siyang pakialam kahit magreklamo pa ito hanggang Supreme Court.

Nakita niyang nangilid ang luha nito pero wala itong sinabi; bigla siyang nakadama ng awa para sa dalaga. Bakit parang gusto niyang yakapin ito at sabihan ng, ‘Don’t be scared, everything is gonna be okay’?

“Bibitawan kita kung ipapangako mo na hindi ka sisigaw at makikinig ka sa ’kin,” sabi niyang mababa na ang tono.

Nakita niyang nagbaba ito ng tingin na tila hindi na rin nito matagalan ang kanyang mga titig. Kasabay niyon ang pagpatak ng luha nito.

His heart clenched as tears began to roll down her face. Naawa talaga siya rito; mukha itong helpless

and vulnerable. “Look, Miss, as I was trying to explain earlier, I was saving you. You fainted at hindi ko alam kung paano ka i-revive. I administered a mouth to mouth resuscitation though I wasn’t too expert in that. Thank God, it worked.”

Patuloy pa rin ang pagtulo ng luha ng babae, pero alam niyang nakikinig ito sa sinasabi niya.

“My God, you scared me. Akala ko mamamatay ka na. Mabuti na lang, nasalo kita. Kung hindi ay baka nabagok na ang ulo mo. Pasalamat ka at narito ako kaya may tumulong sa iyo. ’Tapos gusto mo akong makulong habambuhay dahil sa bintang mong pinagbalakan kitang rape-in? Is this your way of saying thank you to me, huh? You’re welcome!”

Binitawan na niya ang kamay nito at hindi naman na iyon muling dumapo sa mukha niya.

Salamat naman!

“Mama ko ang nakalibing diyan.” Itinuro niya ang puntod ng ina. “Kagaya mo rin ako na dumadalaw sa yumaong mahal sa buhay.”

Biglang nawala ang takot sa mga mata nito at lalong naging kaakit-akit sa kanyang paningin.

Ano ba ang mayroon sa mga mata nito? Bakit ba

tumatatak sa isip ang tingin ng babaeng ito?

“I’m sorry. I thought...” Hindi nito naituloy ang sinasabi. Napailing na lang ito at mabilis na tumayo para lang muling gumewang.

“Huwag ka munang tumayo,” pigil niya rito. Mabilis niya itong inalalayan sa pamamagitan ng paghawak sa braso nito. “Are you sick or something? Nag-aalala na ako kasi mukhang nanghihina ka.”

Napatingin muli ang babae sa kanya... and hell again. Parang hindi siya makapag-isip nang maayos. Nalilito ang isip niya sa tuwing sasalubungin niya ang tingin ng estranghera.

Napailing ito. “Wala akong sakit. I haven’t eaten anything yet. Kaya siguro nahihilo ako.”

“I don’t mean to intrude, pero bakit naman ginugutom mo ang sarili mo? Hindi okay ’yan. Are you trying to kill yourself?” Hindi niya alam kung bakit hindi niya mapigilang mag-alala para sa babae.

Nakita niyang natawa ito nang bahagya sa sinabi niya. “Of course not. Busy lang ako kaya nakalimutan ko nang kumain. In fact, favorite ko din ang arroz valenciana at carbonara.”

Nanlaki ang mga mata ni Harold. Akala niya ay

masyado itong busy sa pag-iyak kaya hindi pansin ang pakikipag-usap niya sa mama niya kanina. Iyon pala ay nakikinig ito. Mabuti na lang pala at hindi siya masyadong nag-emote kanina, kung hindi ay baka pinagtatawanan na siya nito ngayon.

“Kung ganoon, let me buy you something to eat.” Nag-aalala talaga siya para rito at gusto niyang kumain ito para masigurado niyang magiging okay na ito.

“No, thank you. Kailangan ko na ding umalis.” Tiningnan nito ang kamay niya na nakahawak pa rin pala sa braso nito.

“Are you sure? Okay na ba ang pakiramdam mo? Why don't you stay here for a little while? I'll go get us something to eat. May malapit na restaurant dito. I insist na kumain ka muna bago ka umalis. Saan ka ba uuwi?” Hindi niya pa rin binibitiwan ang kamay nito. Bakit ba parang ayaw na niyang paalisin ang babae? Parang gusto na nga niya itong iuwi.

“Salamat na lang, pero kailangan ko na talagang umuwi. Gagabihin na ako sa daan kasi hindi naman ako tagarito,” mabilis na tugon nito.

Dahan-dahan niyang inalis ang kamay sa braso nito. Hindi pala taga-rito ang babae. Ano ang

ginagawa nito sa puntod ni Mr. Tan gayong taga-Maynila ang yumaong Instik? Parang tama nga yata ang hinala niya ukol dito.

Naihilamos niya ang kamay sa mukha. Hinayang na hinayang siya sa babae. Bakit kaya nito pinatulan si Mr. Tan gayong parang ama na lang nito ang matandang iyon.

“I really have to go,” muling paalam nito.

“By the way, I’m Harold Bermudez,” pakilala niya rito.

Napangiti ito. “I know.”

Nagulat siya sa isinagot ng estranghera. Isa ba itong reporter na nagkunwaring nagdadalamhati para lang makakuha ng scoop sa kanya?

Dinakma niya ang braso nito. Baka may hidden camera ito at nakunan ang paghalik niya rito. Baka bukas lang ay laman na siya ng lahat ng balita. Tiyak na lalong magagalit si Sylvia sa kanya kung biglang lumabas sa balita na may hinalikan siyang ibang babae sa memorial park. Tiyak na marami ring magagalit sa kanyang mga tao dahil tiyak na iisipin ng mga ito na unfaithful siya kanyang katipan.

“Who are you really?” matigas na tanong niya.

“Ouch!” angal nito sa pagdakma niya sa braso nito.

“Press ka, ano? ’Asan ang camera mo? May hidden camera ka, ano?” Buong pagdududa na kinapkapan niya ito. Nanatili lang itong nakatingin sa kanya habang ginagawa niya iyon.

Nang wala siyang nakapa na hidden camera nito ay na-relax ang pakiramdam niya. “I’m sorry, nag-iingat lang. Sawang-sawa na ako sa pag-i-invade ng media sa buhay ko. I’m a private person and I don’t need the attention.”

“I understand,” sagot nitong nakatitig pa rin sa kanya. Ang mga mata nito ay nangungusap.

Hindi niya lang mahulaan kung ano ang nais ipahiwatig ng mga matang iyon, pero ramdam niyang may gustong sabihin sa kanya ang mga titig na iyon. Tumalikod ito pagkatapos.

“Hey, Miss.”

Napalingon ito sa kanya.

“Your name. You didn’t tell me your name.”

Hindi ito nagsalita; halatang ayaw na magpakilala.

“Please? I saved you back there. The least you

could do is give me your name,” desperadong hirit niya.

Napatitig muli ito sa kanya na parang minememorya ang hitsura niya. “Yasmin,” kapagkuwan ay tugon nito. “I have to go.” Tumalikod na ito.

“Yasmin!” tawag niyang muli. Para kasing kinakabahan siyang pakawalan na kaagad ito gayong nakikita niyang tila hindi pa matatag ang lakad nito. Tila hilo pa ang babae at hinang-hina ang hitsura.

Lumingon itong muli, pero sa pagkakataong iyon ay nakataas na ang kilay.

“Mukhang hindi ka pa okay. Bakit hindi ka muna magpahinga saglit? Are you sure, kaya mo na?” tanong niya na may pag-aalala.

Halatang na-touch ito sa concern niya. “Yes, I’ll be fine, thank you.”

“Take care and please eat something,” pahabol na sabi niya nang makitang aalis na naman ito.

Ngumiti ito nang ubod-tamis nang marinig ang sinabi niya and his heart almost fell. It was the sweetest smile he had ever seen.

“I will! Thank you for being so nice to me,” anito saka nagmamadali nang lumayo.

3

Pakagat na ang dilim nang makauwi si Harold sa kanilang bahay. Napahaba ang pakikipag-usap niya sa puntod ng kanyang mama. Hindi niya alam kung bakit hindi niya namalayang mahabang oras na pala ang ginugol niya sa sementeryo. Napakarami niyang ikinuwento dito.

“Good evening, Sir,” bati ni Mang Erning sa kanya nang pagbuksan siya nito ng gate. Ito ang driver ng kanyang mama. Ngayon ay ang papa niya ang ipinagmamaneho nito.

“Good evening. Ang Papa, kumain na ba?” tanong niya.

“Konti lang, Sir. ”Tapos hayun, nagpunta na naman sa porch. Gaya ng dati, matamlay pa rin.” Naroon ang awa sa tono nito para sa matandang amo.

Siya man ay nakadama din ng awa sa depressed na ama. “Sige, pupuntahan ko lang siya,” paalam niya rito.

Nakita niya ang ama na nakaupo sa porch; malayo ang tingin nito. Ang bahaging iyon ng bahay ang paboritong tambayan nito at ng kanyang

ina. Gabi-gabi matapos maghapunan ay doon na nagpapahangin habang nagkukuwentuhan ang kanyang mga magulang.

Parang naririnig niya pa ang mga halakhak ng mga ito sa tuwing nagbibiro ang kanyang mama.

Binati niya ang ama at hinagkan sa noo.

“Konti na naman daw ang kinain mo, Pa? Hindi makakabuti sa ’yo ang hindi pagkain nang maayos.” Naupo siya sa tabi ng ama.

Napabuga ito ng hangin. “Wala akong ganang kumain, Hijo.”

“Kailangan na siguro kitang ipatingin sa doktor kung ganyan na wala ka laging gana sa pagkain.”

Inirapan siya nito. “Hindi lang makakain ay doktor na? Siyempre wala akong ganang kumain kasi nalulungkot ako. Sanay akong may kasabay lagi sa pagkain at may kakuwentuhan dito pagkatapos,” katwiran nito.

Napatingin siya sa katabi. Humpak na ang mga pisngi nito. “Sige, sasabayan ko kayo lagi sa pagkain at makikipagkuwentuhan ako sa inyo lagi pagkatapos nating kumain.” Inakbayan niya ang ama.

Napailing ang matanda. “Stop worrying about

me, Son, I'll be fine soon. Pain is just part of healing.”

Napatango siya. “You’re right, Pa.” Pinisil niya ang balikat nito. “I’ll be in Batangas tomorrow. Gusto mo bang sumama para malibang ka? You need to move on, Pa. Mambabae ka kaya? Gawin mo lahat, sagot kita kay Mama.”

Napailing ito at natawa nang bahagya dahil sa sinabi niya. “Ano’ng gagawin mo sa Batangas?”

“Mag-uusap lang kami ni Sylvia.” Kasalukuyang may tinatapos na pictorial sa nabanggit na lalawigan ang babae. “Gusto niyang ituloy namin ang kasal next month. I don’t think I’m ready to get married right now. We need more time to heal, don’t we?”

“Yeah, please tell her to give us some time to recover. If she really loves you, she would grant that simple request.”

“Next month or never. That was her ultimatum. What do you think?”

Napatitig ito sa kanya. “If you can’t afford to lose her, then follow what she wants.”

Sumeryoso ang hitsura niya. Hindi niya talaga kakayaning magpakasal dito sa susunod na buwan o kahit sa susunod na taon pa. Hindi niya maintindihan

kung bakit, pero iyon ang nararamdaman niya ngayon. Buhat kaninang nagsalita ito ng mga bagay na hindi niya matanggap tungkol sa kanyang ina ay parang bulang biglang naglaho ang pagtingin niya para sa nobya.

“I don’t think I can marry her next month or even next year. Baka mas okay pa na maghiwalay na lang kami.”

Napatingin ito sa kanya; nakataas ang kilay. Tila nasorpresa ito sa kanyang sinabi. “Why? Don’t you love her anymore, Son?”

Napabuga siya ng hininga. “I still do, but maybe love is not enough.”

“Of course. It’s not enough that you love her; you need to be *in love* with her. Iyon ang nakakalimutan ng ibang mga couples na nagsasabing mahal nila ang isa’t isa, pero nauuwi pa rin sa hiwalayan ang kanilang pagsasama. When you’re no longer in love with that person, then wala nang point ang relasyon na iyon.” Tinapik nito ang balikat niya.

Hinawakan niya ang kamay ng ama na nasa balikat niya at pinisil iyon. “Ibig bang sabihin ay talagang dapat ko nang tapusin ito?”

“Only you can answer that question, my son.”

Napasandal siya sa backrest ng upuan at napaisip. “Hindi ko alam, Pa, kung bakit bigla akong tinabangan sa kanya ngayon. Nakikita ko ang mga diperensya niya at nagsisimula na akong mairita sa kanya. Nasasakal na ako sa mga demands niya. Hindi na ako makahinga. I thought she’s perfect for me but she’s not.”

“Always remember this, Son, no woman is perfect until you fall in love with her.”

Natigilan siya. “Then, I’m not really in love with her, Pa. Parang hindi ko na siya kayang pakasalan. Gusto kong makipagkita sa kanya bukas, hindi para pag-usapan ang kasal kundi para makipaghiwalay sa kanya nang maayos. I realized she’s not the right girl for me.”

“You’ll make your mama very happy with that decision, my son. Matagal na niyang hinihiling na sana daw mauntog at magising ka sa katotohanan na hindi si Sylvia ang babae para sa ‘yo. Paano makakapagpaligaya ng tao ang isang taong ang sarili lang ang alam paligayahin?”

Nanlaki ang mga mata niya sa narinig. Talaga palang ayaw ng kanyang ina kay Sylvia? Kaya ba hindi ito naging malapit sa kanyang katipan?

“Bakit hindi iyan sinabi sa akin ni Mama dati?”

“Because you never asked her.”

Napailing siya. “Ang galing, ah. Hindi ko talaga iyon nahalata.”

Napaismid lang ang papa niya.

Napabangon si Harold habang habol niya ang hininga. Butil-butil ang pawis niya gayong naka-on naman ang air con sa silid niya. Kinilabutan pa siya nang makita ang nakasabit na orasan.

Staring at the clock, he released an exhausted sigh.

Bakit ba nagising siya nang eksakto alas doce ng hatinggabi? At ang gumising sa kanya ay isang panaginip tungkol sa kanyang yumaong ina. May mensahe ba itong nais iparating sa kanya?

Tumutupad ba ito sa kasunduan nila noong nakaburol pa lamang ito? Noon kasing nakaburol pa ang kanyang mama, ibinulong niya sa kabaong nito na kung magpaparamdam ito sa kanya, kung maaari ay sa panaginip na lang sana.

Bumaba siya sa kama at nagmadaling lumabas

Kung Puwede Lang Sana - Charisse Pamela

sa kusina para kumuha ng tubig. Pakiramdam niya ay nanunuyo ang kanyang lalamunan. Hinihinala din siya sa pagod at sa kaba. Ito ang unang pagkakataong napanaginipan niya ang mother niya buhat noong namatay ito.

Natigilan siya nang maalala ang kabuuan ng kanyang panaginip. Kasama ng mama niya ang babaeng nakilala niya sa memorial park. Naramdaman niya ang pagbayo ng kanyang dibdib.

Tama, si Yasmin nga ang nakita niyang kasama ng ina sa kanyang panaginip. Masayang-masaya ang hitsura ng dalaga gayon din ang kanyang mama na parang panatag na panatag ang hitsura. Masaya ang mga ito na nakikipaglaro sa mga paru-paro na nagsisiliparan sa isang napakagandang hardin.

Nakapagtataakang tila magkasundong-magkasundo ang dalawang babae. Ilang beses din niyang nakitang nagyakapan ang mga ito at hinalikan pa ng ina sa pisngi at noo si Yasmin. Narinig din niya ang halakhak ng mga ito sa labis na kaligayahan.

Kapwa nakasuot ang mga ito ng kulay puti at parang inililipad ang mga ito ng hangin. Parang mga bulak lang ang timbang ng dalawa na lulutang-lutang sa hardin na kinaroroonan ng mga ito.

Bigla siyang kinabahan nang mapag-isip-isip ang laman ng panaginip niya. Bakit nga pala ganoon ang kanyang panaginip? Ano ba ang nangyari kay Yasmin? Bakit kasama na ito ng kanyang mama? Patay na rin ba ito? May nangyari ba sa babae habang pauwi ito? Baka hindi nito kinayang magmaneho pauwi at naaksidente na ito!

Nanginig ang mga kamay niya. Halos mabitawan niya ang hawak niyang baso. Pinanlambutan siya ng mga tuhod. Napaupo siya at nasapo ang kanyang dibdib. Bakit napakasakit sa puso niya ang naisip na baka napahamak na nga si Yasmin. Parang piniga ang kanyang puso.

Magkapareho maging ang suot ng dalawang babae, kaya talagang kumabog nang husto ang dibdib niya sa pag-aalala. Nais niyang sisihin ang sarili kung bakit hinayaan niya ang babae na umalis kaagad.

Hindi niya mapapatawad ang sarili kung totoong may nangyari ritong masama.

Naramdaman niyang nanikip ang dibdib niya at parang nag-iinit ang mga mata niya. Bakit napakasakit sa loob niyang maisip na kasama na ito ngayon ng kanyang mama? Ano ba itong nangyayari sa kanya? Halos iyakan na niya ang babaeng ni hindi niya alam kung kaanu-ano nga ba talaga ni Mr. Tan. Bakit ang

sakit sa dibdib isipin pa lang na may masamang nangyari rito?

Hindi ka dapat mamatay, Yasmin. Magkikita pa tayo uli!

Bumalik na siya sa kanyang kuwarto para muling mahiga. Ipinikit niya ang kanyang mga mata ngunit ayaw matulog ng kanyang diwa. Kahit anong pilit niya ay ayaw siyang lubayan ng mukha ni Yasmin na nakikita niya sa tuwing ipipikit niya ang kanyang mga mata. Naiinis na siya dahil kailangan niyang makakuha ng tulog. Bukas ay bibiyahe pa siya papuntang Batangas.

Tinakpan niya ng unan ang kanyang mukha. His mind was turning over and over and he just couldn't sleep. Ibinalibag niya ang unan at muli siyang bumangon. Nagsalang siya ng pelikula sa kanyang DVD player. Manonood na lang siya para antukin.

Napansin kaagad ni Don Enrico ang exhausted na hitsura ni Harold nang humarap sa hapag-kainan. Panay ang tingin ng papa niya sa kanya habang sumusubo ito ng pagkain.

“Mukhang wala kang tulog, Hijo? Ano kaya kung dalhin mo na lang si Erning para may magmaneho

para sa iyo?”

Mabilis siyang umiling. “Mas kailangan n’yo si Mang Erning, Pa. Okay lang po ako,” mariing tanggi niya. Nag-aalala siya sa kalagayan nito. Alam niyang depressed pa rin ito.

“Malapit lang ang opisina ko at kaya kong mag-drive mag-isa. Sa hitsura mong iyan ay di mo kakayaning magmaneho. Nagising ako kaninang madaling araw at narinig ko na bukas pa ang TV mo. Ano ba’ng gumugulo sa iyo?”

“Wala ito, Pa.”

“Ano bang wala, halata namang wala kang tulog,” protesta nito.

“Just a bad dream, Pa.” Natigilan siya; bakit ba nasabi niyang bad dream iyon gayong ang mama niya ang kanyang napanaginipan? “No, it’s a nice dream.”

He gave him a confused look. He touched his forehead. “Wala ka namang lagnat. Ano ba talaga, nice or bad?”

“It’s nice!” Nasapo niya ang noo niya. “No, it’s bad,” bawi niya nang mapag-isip-isip na kasama na ng mama niya si Yasmin.

Napailing ang kaharap. “Ngayon pa lang ay

lutang na ang isip mo. Ni hindi mo nga masigurado kung maganda o hindi ang panaginip mo. Isama mo na si Erning para makaidlip ka sa daan. Baka maging kulubot agad ang hitsura mo pag kulang ka sa tulog.” Tumawa ito.

Napatingin siyang bigla sa papa niya. Ngayon niya lang uli ito narinig na nagbiro at tumawa. Buhat kasi noong mamatay ang mama niya ay hindi na ito gaanong nagsasalita. Lagi na itong tahimik.

“Parang okay ang umaga mo ngayon, Pa,” komento niya habang pinagmamasdan ang hitsura nito. Bagong ahit ito at mas maaliwalas ang mukha ngayon kumpara kahapon.

“Napanaginipan ko kasi ang mama mo kagabi,” napapangiting kuwento nito.

Napanganga si Harold. “Ako rin, Pa. Napanaginipan ko rin siya! May kasama ba siyang magandang babae sa panaginip mo? Pareho ba sila ng damit?” sunud-sunod na tanong niya.

Napailing ang papa niya habang titig na titig sa kanya. Parang takang-taka ito sa mga itinatanong niya. “Wala, siya lang mag-isa sa panaginip ko. Sino ba iyang babaeng hinahanap mong iyan, ha?”

Napakamot siya ng ulo. “May kasama kasi siyang

babae sa panaginip ko, Pa. Akala ko kasama niya rin iyon sa panaginip mo.”

“Mukhang hindi si Sylvia ang babaeng napapanaginipan mo, Hijo.” May pangangantyaw sa tono nito.

“Hindi nga po si Sylvia, Pa,” tugon niya. “Ano ba kasi ang panaginip n’yo tungkol kay Mama?”

Napangiti ang nakatatandang lalaki. “Aba, sekreto ko naman na iyon!”

Nanlaki ang mga mata niya. May pa-secret-secret pa itong nalalaman. Hindi naman siguro kalaswaan iyon?

“Bakit, Pa, censored ba ang content ng panaginip n’yo?” pabirong tanong niya.

Hindi nito sinagot iyon. Kinuha nito ang table napkin at nagpunas na ng bibig. “I’ll go ahead, Son. Take Erning with you. You need him now more than I do. I can drive myself to work so don’t worry about me.” Tumayo na ito.

Napatango na lang siya. Masiglang naglakad ang ama palabas ng komedor. Naintriga tuloy siya kung ano ba ang laman ng panaginip nito at mukhang masaya ito at halatang magaan ang pakiramdam.